



# Tagalog/Tagalog

## Pag-alala sa Grenfell: Mga mungkahi at susunod na hakbang para sa isang bantayog (Nobyembre 2023)

*Ginawa namin ang maiksing bersyon ng ulat na isasalin sa iba't ibang wika. Maaari mong basahin (at isalin) ang kabuuang ulat sa aming website:*
**www.grenfelltowermemorial.co.uk/report2023**

## Buod ng Ulat

Pagkatapos ng trahediya na naganap noong ika-14 ng Hunyo 2017, nilikha ang Komisyon sa Pag-alala ng Grenfell Tower (Grenfell Tower Memorial Commission). Ang aming layunin ay bigyang-tuon ang isang tunay na bisyon ng pinamunuan ng komunidad para sa isang nararapat na bantayog, para alalahanin ang mga nasawi at ang mga indibidwal na habambuhay na nagbago ang buhay nang gabing iyon. Sinimulan namin ang prosesong ito noong Setyembre 2019.

Mula noon, kami ay mahigpit na nakipag-ugnayan sa komunidad sa Grenfell, sa partikular sa mga naapektuhang pamilya, nakaligtas, residente ng Lancaster West Estate at kalapit na komunidad na nakatira malapit sa Grenfell Tower. Sinikap namin unawain ang kanilang hangarin para sa isang bantayog sa hinaharap. Sa aming ulat noong Mayo 2022, 'Pag-alala sa Grenfell: ang ating paglalakbay ngayon' (Remembering Grenfell: our journey so far), ipinakita namin ang aming nalaman mula sa komunidad ng Grenfell hanggang sa panahong iyon. Nagbigay rin ito sa amin ng pagkakataon na subukan ang aming pag-unawa sa aming nalaman.

Ang ulat na ito ay higit pa. Ito ay pagtatapos ng halos apat na taong trabaho at inilalatag ang bisyon ng komunidad ng Grenfell para sa isang bantayog, ang pamamahala nito sa hinaharap at ang nagaganap na proseso ng pag-alala sa kung ano ang nawala sa ating komunidad. Ibinabahagi namin kung ano ang sinabi ng ating komunidad tungkol sa dapat maging hitsura ng ating bantayog. Kung mayroong pagkakatulad sa nais ng mga tao, sasabihin namin ito. Kung mayroong pagkakaiba sa opiniyon, kung ang hiling ng ilang tao ay hindi tukoy o hindi malinaw, sasabihin namin ito.

Bilang isang komisyon kami ay gagawa ng apat na pangako:

■ Ang aming unang pangako ay lumikha ng isang lugar ng karangalan at kapayapaan. Isang magtatagal na lugar kung saan ang mga indibidwal na nawalan ng mahal sa buhay ay maaaring alalahanin at maging malapit sa kanilang alaala, at kung saan ang ating komunidad ay maaaring maggunita.

■ Ang aming ikalawang pangako ay lumikha ng isang malaking bantayog na tutulong na siguraduhin na ang trahediyang naganap sa Grenfell Tower ay hindi malilimutan. Hindi ngayon, hindi sa mga susunod na taon. Kami, at ang ibang kasapi ng komunidad ng Grenfell, at malinaw tungkol rito.

■ Ang aming ikatlong pangako ay tumulong sa pagsasaayos ng gawain upang matiyak na ang

bantayog ay aalagaan, at hindi hahayaang maglaho o masira.

■ Ang aming ikaapat na pangako ay tiyakin na ang boses at hiling ng komunidad ng Grenfell ay palaging nasa puso ng pagsasagawa ng desisyon para sa bantayog.

Sa ating paglalakbay, kami ay kumilos sa bilis na kinakailangan ng ating komunidad. Ang komunidad ng Grenfell ay natatangi sa maraming paraan, at nararapat lamang na ang ating bantayog ay mabuo sa paraan na ispesipiko sa atin.

Habang papalapit na tayo sa yugto ng pagdidisenyo at pagbubuo ng bantayog, ang ulat na ito ay nagtatakda ng mga susunod na hakbang para sa paglikha nito. Kasama na rito ang pag-uusap ng mga praktikal na isyu tulad ng legal na pagmamay-ari, at mga mungkahi kung paano ang mga bahagi mula sa Grenfell Tower ay maaaring mapanatili at maitago para sa hinaharap, alinsunod sa hiling ng mga indibidwal na pinakamaraming nawalan.

**Pinaalalahanan namin ang pamahalaan na tuparin ang pangako nito sa bantayog at tuparin ang tungkuling moral na ibigay ang rekomendasyon ng Komisyon.**

**Mahalaga ang isang napapanahon na pampublikong tugon mula sa pamahalaan at isang kasunduan ng pagtutulungan sa Komisyon sa hinaharap, at dapat tumalima alinsunod sa mga petsa na itinakda ng ulat na ito**.

Dagdag pa sa aming - ang Komisyon - personal na pangako, may mga eksperto mula sa labas na tumulong sa amin na magkolekta ng mga opiniyon at mga ideya para sa 'porma' at 'dating' ng bantayog mula sa komunidad ng Grenfell.

Ang tulong na ito, ang aming direkta at madalas ay personal na pakikipag-usap sa komunidad ng Grenfell, at ang mga pakikipag-usap sa komunidad na isinagawa ng aming mga tagapangulo, ay nakapagbigay ng impormasyon sa aming mga rekomendasyon. Bilang isang komisyon, kami rin ay humingi ng payo mula sa mga pamilya, koponan, at tagapag-alaga na naging kabilang sa mga paggawa ng bantayog ng ibang trahediya, kapwa sa UK at buong mundo. Ang aming mga rekomendasyon ay pinagsasama ang lahat ng pananaliksik bilang serbisyo sa aming pangako na parangalan ang alaala ng mga nawala mula sa atin.

Ang ulat na ito ay isang mahalagang yugto sa paglalakbay na gawing totoo ang naiisip na bantayog ng komunidad. Kasunod ng pagkakalathala ng ulat na ito, kami ay maglulunsad ng aming paghahanap para sa isang ispesyalista at koponan sa pagdidisenyo na iniisip ang komunidad. Inaasahan namin itong gawin sa susunod na tag-sibol, at ang koponan ay pipiliin sa katapusan ng taong 2024. Nakikita namin na ang disenyo ng bantayog ay mabubuo kasama ng omunidad sa katapusan ng taong 2025, at ang pagbubuo ng bantayog ay maaaring magsimula sa katapusan ng taong 2026. Tulad ng aming sinabi sa katapusan ng ulat na ito, ang eksaktong panahon ay nakabtay sa ilang mga salik na maaaring wala sa ating kontrol, tulad ng desisyon ng pamahalaan tungkol sa kapalaran ng Grenfell Tower.

## Bilang buod: ang aming rekomendasyon para sa isang bantayog sa lugar ng Grenfell Tower

Ayon sa aming narinig mula sa komunidad ng Grenfell iminumungkahi namin ang mga sumusunod para sa disenyo ng bantayog sa hinaharap.

1. Ang mga pamilya na naapektuhan ng trahediya, iyong mga nakatakas sa gabing ito at nawalan ng tahanan, at iyong mga nakatira malapit sa Grenfell Tower, at dapat manatiling nasa sentro ng desisyon tungkol sa bantayog.

2. Ang bantayog ay dapat isang sagradong lugar na magtatagal, na ibig nating sabihin ito ay dapat maging permanente.

3. Ang bantayog ay dapat maging isang payapang lugar para sa pag-alala at pagmumuni, kapwa sa mga indibidbwal at komunidad, sa kung sino at ano ang nawala sa atin.

4. Ang bantayog ay dapat na mayroong isang hardin, isang luntiang lugar na ang pagtatanim ay nagpapahiwatig ng paglago at pagpapanibago bilang tulong sa pag-alala.

5. Ang bantayog ay dapat na mayroong nakalaang lugar para sa pribadong paglalahad ng dalamhati at pagluluksa para sa mga pamilya na nawalan ng mahal sa buhay.

6. Ang disenyo ng bantayog ay dapat kakitaan ng pagsasama ng mga paniniwala at kultural na pinagmulan ng bumubuo sa komunidad ng Grenfell, at ng mga namayapa at mga nakaligtas.

7. Ang mga disenyo ng bantayog ay dapat tiyakin na hindi malilimutan ng mundo ang naganap sa ating mga mahal sa buhay at ating komunidad. Ang mga disenyo ng bantayog ay dapat na magsama ng opsyon sa pagsasama ng mga pangalan ng mga namayapa (kung saan hiniling ng mga pamilya), at dapat isaalang-alang ang nararapat na taas at natatanaw na bantayog.

8. Ang bantayog ay dapat na tumagal nang ilang henerasyon at hindi dapat pabayaan. Ang mga naaayong gawain ay dapat gawin upang ang bantayog ay maalagaan at pamahalaan sa hinaharap at may pondo na dapat na ihanda upang magawa ito.

9. Mahalaga ang sining sa komunidad ng Grenfell mula sa landas ng pagkawala tungo sa pag-asa. Ang bantayog ay dapat na mayroong isang monumento (at isang binuong istruktura para protektahan ang mga bisita sa panahon) at/o likhang sining na pumupukaw ng damdamin ng komunidad, pag-ibig, pag-asa, kalungkutan at ating mga nawalang mahal sa buhay.

10. Nabanggit ng komunidad ng Grenfell na mahalagang tampo ang tubig at paggamit ng ilaw. Ang mga ito ay dapat na isaalang-alang sa proseso ng pagbubuo ng bantayog.

11. Ang bantayog ay dapat na tumugon sa pangangailangan ng mga bumibisitang pamilya na may mga anak. Iminumungkahi rin ng Komisyon na ang bantayog ay dapat maipakita rin ang

mga bata na nasawi dahil sa trahediya, at paanong lubos na nahirapan ang ating mga anak at kabataan.

12. Kapag nabuo na ang bantayog, ang legal na titulo at pangaraw-araw na pamamahala ng lugar ng bantayog ay dapat na ibigay sa isang naaayon, kwalipikado at may karanasang institusyon na patatakbuhin sa pakikipagtulungan ng lokal at sentral na pamahalaan. Ang Royal Parks ay isang halimbawa ng isang organisasyon na naniniwala kami na naaayon para rito, dahil sa karanasan nito sa pangangasiwa ng iba't ibang bantayog na mahalaga sa bansa. Hinihikayat ng Komisyon ang pamahalaan na isaalang-alang ang posibilidad ng Royal Parks, o katulad na organisasyon, sa pagkakaroon ng tungkulin sa pamamahala at pagpapanatili ng bantayog matapos itong itayo.

## Aming rekomendasyon labas sa lugar ng Grenfell Tower

13. Iminumungkahi ng Komisyon ang pagbubuo ng isang arkibo, na makikipagtulungan sa mga eksperto tulad ng Pambansang Sinupan. Ang ilang elemento ng arkibo ay dapat na may posibilidad na may akses lamang ang mga naapektuhang kapamilya at nakaligtas.

14. Iminumungkahi ng Komisyon na buuin at sinupin ang isang sensitibo at replektibong digital na arkibo kasama ng mga kapamilya at nakaligtas.

15. Iminumungkahi ng Komisyon ang isang pangmatagalang pagtatanghal sa publiko. Kasama ng arkibo, matitiyak nito ang kasalukuyan at susunod na henerasyon ay maaaring maalala at matuto tungkol sa trahediya, ang mga salik na nagdulot nito, at paano tumugon ang komunidad ng Grenfell.

16. Iminumungkahi ng Komisyon na ang mga elemento ng (o mula sa) Grenfell Tower -- na hindi maaaring panatilihin bilang bahagi ng bantayog at hindi itatago -- ay dapat na ligtas at iginagalang na 'ilibing' sa ikalawa, naaayon, mapupuntahan at sagradong lugar. Ang lugar na ito ay dapat pagkasunduan ng mga naapektuhang kapamilya at nakaligtas, nang may konsultasyon sa lokal na pinuno ng pananampalataya. Hinihiling namin ang pamahalaan na makipagtulungan ng alkade ng London at lokal na pinuno ng pananampalataya na tukuyin ang lugar na ito.

## Pakikipag-ugnayan sa komunidad ng Grenfell

Alam namin na sa simula pa lamang na ang aming tuon ay pakinggan ang komunidad ng Grenfell upang ang bantayog sa hinaharap ay nakabatay sa kahilingan ng mga naapektuhan, nakaligtas, at lokal na residente. Hindi ito isang madaling tungkulin, at naging mas mahirap ito dahil sa pandemiya ng Covid-19; ngunit nanatili kami sa aming pangako sa tungkulin at inilaan ang aming mga sarili para makamit ito anuman hamon ang aming harapin.

Kami mismo sa Komisyon ay direktang naapektuhan ng trahediyang ito. Kinikilala namin ang trauma na aming naranasan, at patuloy na nararanasan, ay may epekto sa aming sariling pagdedesiyon. Nais namin maging bukas na kami mismo ay nangangailangan ng katulad na

pag-unawa at pasensiya.

Ang aming lapit sa pakikpag-ugnayan sa komunidad ng Grenfell ay nakabatay sa mga sumusunod na susing halagahan:

**Simpatiya at damdamin**
Naunawaan namin ang sakit at trauma ng komunidad ng Grenfell at alam namin na marami sa amin ay napakasakit ang anumang usapan tungkol sa isang bantayog. Sa pamamagitan ng aming pakikipag-ugnayan nanatili kaming sensitibo tungkol sa bagay na ito, sinuportahan ang bawat isa at ang komunidad ng Grenfell upang makipag-usap at ibahagi ang kanilang iniisip ayon sa kanilang sariling paraan, at sa paraan na ito ay pinakamahusay para sa kanila. Kasama na rito ang paghihikayat sa mga tao na ibahagi ang kanilang saloobin sa anumang wika o paraan, indibidwal o kolektibo bilang bahagi ng kinatawan o grupo ng pamilya.

Nauunawaan namin na hindi lahat ay makakaya o handa na magkaroon ng ganitong usapan at sa isang komunidad na magkakaiba ang kultura, ang mga pamilya ay magkakaiba ng paraan sa pagdadalamhati.

Mahalaga na palagi naming ipinapaalam kung ano ang aming nalaman upang lahat ng mga kasapi ng komunidad ng Grenfell ay may pagkakataon na maunawaan kung ano ang nangyayari. Tulad ng aming nabanggit, na kami ay kikilos hanggang kinakailangan at kikilos kami sa bilis ng komunidad ng Grenfell. Hindi namin nais madaliin ang proseso, ngunit alam namin na mahalaga na gumawa ng pag-usad tungo sa bantayog sa hinaharap.

**Pagkakaiba at inklusyon**
Ipinagdiriwang at pinahahalagahan namin ang pambihirang pagkakaiba-iba ng komunidad ng Grenfell, at nauunawaan namin na may pangangailangan ng malawak na hanay ng paraan upang makapagbahagi ng pananaw ang mga tao.

Sa loob ng tatlong taon, ang mga tao ay binanggit ang kanilang hiling at ideya para sa bantayog, sa mga pulong at diskusyon, nang nakasulat (sa iba't ibang wika ng ating komunidad) at maging sa pamamagitan ng mga guhit at likhang sining.

Ang pakikipag-ugnayan sa mga naapektuhang pamilya at nakaligtas ay pinangunahan ng mga kinatawan ng apektadong pamilya at nakaligtas sa Komisyon. Nagsagawa rin kami ng higit na 200 araw na pakikipag-ugnayan sa lokal na lugar, nakipag-usapa sa mga kasapi ng komunidad para matiyak na aming narinig ang kabuuang pagkakaiba-iba ng mga lokal na residente.

Kabilang sa mga nakibahagi sa gawaing ito ay mga taal na nagsasalita ng iba't ibang mga wika, katulad ng Amharic, Arabic, Diakanke, Farsi, French, Hindi, Italyano, Malinke, Portuges, Somali, Espanyol, Ssosso, Sylheti, Tigrinya at Urdu.

Nakinig kami at pinahalagahan ang bawat pananaw, ngunit may partikular na pagtuon na ibinigay sa pananaw ng mga apektadong pamilya.

**Pakikipagtulungan**
Napakalaki ng gawain na aming hinarap at alam namin na kailangan namin ng isang kaisipang bukas at nakikipagtulungan, at para magamit ang pambihirang enerhiya at talento sa loob ng komunidad ng Grenfell. Nakatanggap kami ng napakalaking suporta, tulong at gabay sa aming paglalakbay -- mula sa kasapi ng komunidad ng Grenfell, mula sa mga apektadong pamilya at nakaligtas sa iba't ibang mga trahediya sa buong mundo, mula sa mga eksperto sa pakikipag-ugnayan at disenyo, at iba pang eksperto na direktang nakikipagtulungan sa Komisyon sa Pag-alala.

## Ano ang magiging hitsura ng pinaplanong bantayog:

Ang pahayag na bisyon sa bantayog ng Grenfell Tower:

*Sa ubod nito ang bantayog ng Grenfell ay isang **payapang** lugar. Magbibigay ito ng isang lugar sa **pagmumuni-muni** at pag-alala ng mga nasawi, kung **bakit** naganap ang trahediyang ito at ang pangangailangan para sa **hustisiya**.*

*Ang bantayog ay **magpapakita** sa **komunidad** ng Grenfell at ang **pag-ibig** sa loob nito, na nag-uudyok ng **pag-asa** at **positibidad** na **inaalala ang nakaraan** at **nakatingin sa hinaharap**.*

*Ito ay magiging isang lugar para sa mga naapektuhang indibidwal, nakaligtas at kasapi ng lokal na komunidad na **magsama-sama**.*

*Isang **magalang**, **matayog** at **magtatagal** na bantayog na **pinararangalan** ang mga nasawi at ang kanilang pamilya, ang mga nakaligtas sa sunog at kasapi ng lokal na komunidad.*

Ang pahayag na bisyon sa itaas ay naglalarawan sa magiging silbi ng bantayog, nilikha mula sa lahat ng aming narinig mula sa tao. Ang mga winika ng aming komunidad ang ginamit para ilarawan kung ano ang magiging hitsura ng bantayog.

Ang bisyon para sa bantayog, at ang aming tungkol bilang isang komisyon, ay hinubog at ginabayan ng aming mga nalaman at narinig. Nang kami ay mabuo bilang isang komisyon apat na taon ang nakararaan, nagsilmula kami sa isang blangkong papel. Ang bawat hakbang na aming ginawa ay nagmula sa mga pakikipag-ugnayan na aming ginawa at ano ang sinabi ng mga tao sa amin.

Ang pahayag na bisyon sa bantayog ng Grenfell Tower ay kinatha pagkatapos naming makipag-usap sa komunidad ng Grenfell at binago habang kami ay patuloy na nakipag-usap at nakinig mula sa komunidad ng Grenfell. Sa huling bersyon ng pahayag na bisyon, idinagdag namin na ang bantayog ay dapat na 'matayog' at 'magtatagal'. Habang lumipas ang panahon nang maganap ang trahediya, hiniling ng komuniad ng Grenfell -- at patuloy na hinihiling -- na hindi dapat ito hayaang makalimutan. Ang bantayog ay hindi dapat maglaho sa tanawin.

Nang magsimulang makita ang karaniwang mga opinyon, isinama namin ang pahayag na

bisyon sa mga tanong na aming ibinabahagi sa mga tao, maingat na sinusuri ang konsepto na nagsisimulang makita, tulad ng isang bulaklak na dahan-dahang ipinapakita ang kagandahan nito, isang konsepto na naaangkop at tunay para sa mga tao.

Ang naging malinaw mula sa aming mga pakikipag-usap ay ang bantayog ay dapat maging isang payapang lugar para alalahanin ang diwa ng mga indibidwal na nasawi.

Hindi dapat nito ipagsawalang-bahala ang katarungan, bakit naganap ang trahediya at paano dapat ito naiwasan. Ito ay dapat maging isang mapapansing simbolo ng pangyayari at hindi dapat kalimutan o pabayaan. Dapat itong magpakita ng pag-ibig at kapangyarihan ng komunidad ng Grenfell at lumikha ng pag-asa at positibidad para sa hinaharap.

Ang bantayog ay magtatagal, magbibigay mensahe sa mga susunod na henerasyon sa parehong paraan na ito ay nagbibigay ng mensahe sa aming pamilya, kaibigan, mahal sa buhay, mula sa araw na ito ay itinayo. Dapat itong maging isang lugar ng kapayapaan at paggalang na nagtataglay ng alaala ng mga nawala sa amin habambuhay, anuman ang maging pagbabago sa mundo. Kapag sinasabi namin na ang bantayog ay nagbibigay-mensahe sa habang panahon, ang ibig naming sabihin ay ito ay isang magtatagal na lugar sa pag-alala na magtatagal higit sa ating buhay.

Mahalaga ang ahat ng ideya at pananaw na ibinahagi sa amin ng komunidad ng Grenfell kahit na hindi namin maisama ang lahat. Ang nangyari sa Grenfell ay isang pambansang trahediya ngunit higit sa lahat isang personal na trahediya para sa lahat ng nawalan ng mahal sa buhay. Malinaw naming narinig na isang ispesyal na lugar at katayuan ay dapat na maigawad sa mga nawalan ng mahal sa buhay.

Sa aming pakikipag-usap sa Lancaster West Estate at iba pang kalapit na bahagi ng komunidad, mayroong malakas na suporta para sa tinig ng mga naapektuhang pamilya na maging pinakamahalaga. Sinabi ng karamihan sa lokal na komunidad na ang bantayog sa hinaharap ay dapat na magpakita ng pag-asa at bisyon ng mga naapektuhang pamilya, habang ito ay sinuportahan ng mga nakaligtas at lokal na komunidad.

Habang maraming mga ideya at hiling na ibinahagi sa amin, mayroong kasunduan na ang pangunahing layunin ng bantayog ay upang lumikha ng isang lugar upang maalala ang mga nawala sa amin at kung saan ang trahediya na nangyari ay maaaring bigyang tanda at maalala habambuhay. Ang kawalan na naganap ay dapat na maging katawan kung ano ang binuo.

Sa aming nakaraang ulat, ang *Pag-alala sa Grenfell: ang ating paglalakbay ngayon*, ay nagbabahagi ng mga tema at ideya na aming narinig. May tiwala kami na ito ay hindi nagbago, dahil patuloy naming narinig ang parehong mga tema habang kami ay nakipag-usap at nakinig sa mas maraming tao.

Ang proseso ng pagdisenyo na itinakda sa dokumentong ito ay mangangailangan ng dagdag na trabaho kasama ng komunidad ng Grenfell para hubugin ang pinal na disenyo para sa bantayog. Ang aming pinapahayag rito ay kumakatawan sa gabay mula sa ating komunidad

tungkol sa pinakamahala para sa bantayog.

## Ano ang mangyayari pagkatapos na ilathala ang ulat na ito?

Sa taglagas ng taong 2026, inaasahan ng Komisyon na mayroong nang pinal na disenyo para sa bantayog ng Grenfell Tower.

Upang umabot sa puntong ito, ililikha ang isang paliwanag sa disenyo ayon sa ulat na ito. Iimbitahan ang mga koponan sa pagdidisenyo na tumugon sa paliwanag na iyon sa pamamagitan ng pagapapakita ng kanilang lapit sa mahalagang likha na ito. Pagkatapos, ang shortlist ng mga koponan ay iimbitahan upang ipagpatuloy na buuin ang kanilang mga ideya.

Ang koponan na ginawaran ng pinakamahusay na makagagawa ng bisyon para sa bantayog ay kinausap sa ulat na ito at pagkatapos ay magpapatuloy sa paglikha ng pinal na disenyo. Ang komunidad ng Grenfell ay mahigpit na kabilang sa bawat punto ng proseso, nang may kolaborasyon sa pagitan ng komunidad at mga koponan sa pagdidisenyo kung saan magdudulot ito ng pinakamalaking pagbabago. Ito titiyak na ang pinal na disenyo ay sumasalamin sa hiling ng komunidad na magng isang pisikal na bantayog na mananatili habambuhay.

**Disyembre 2023: pagtatapos ng paglalarawan ng disenyo at detalye sa proseso ng pagpili.**
Gagamitin namin ang aming narinig mula sa komunidad ng Grenfell, ang detalye tungkol sa lugar at ekspertong payo para bumuo ng isang paglalarawan ng disenyo. Malinaw nitong itatakda ang damdamin at kung ano dapat ang pakiramdam ng isang bantayog, ang porma na dapat nitong maging at ang detaye ng mga naapektuhan, nakaligtas at komunidad ng Grenfell. Tutukuyin rin nito ang uri ng koponan na kailangan para idisenyo at buuin ang bantayog sa hinaharap. Kasama na rito ang mga arkitekto, landscape architect o artist, at kukuhain ang susing elemento na dapat isaalang-alang.

**Taglagas 2024: paghahanap ng koponan sa pagdidisenyo sa hinaharap**
Paglulunsad ng proseso ng pagpili ng koponan sa pagdidiseniyo ng bantayog. Aming ilalathala ang malinaw na pamantayan at detalye kung paano mag-aaply ang mga intersadong koponan.

- Ang mga aplikante ay hihilingin na ipakita ang kanilang kaugnay na karanasan, tulad ng propesyonal na kadalubhasaan sa arkitektura at landscape architecture, at ang kanilang karanasan sa pakikipagtrabaho kasama ang mga komunidad.

- Hindi kami hihiling ng mga disenyo sa yugtong ito, ngunit nais namin ang detalye ng nagmungkahing koponan, kung paano ang kanilang disenyo, at paano sila makikipagtulungan sa komunidad.

■ Maghahanap kami ng mga koponan na nakikipagtulungan at may lapit na pinamumunuan ng komunidad. Ang mga koponan na may matinding pokus sa komunidad ay lubos na hinihikayat na mag-apply.

**Tag-araw 2024: pag-shortlist**

■ Ang Komisyon sa Pag-alala ay susuriin at iso-shortlist sa lima ang bilang ng aplikanteng koponan sa pagdidisenyo, sa ngalan ng komunidad ng Grenfell at may suporta ng mga tagapayo.

**Katapusan ng 2024 at Unang bahagi ng 2025: pagpili ng koponan sa pagdidisenyo**

■ Hihilingin namin ang mga naka-shortlist na koponan na ihanda ang nais nilang disenyo kung sila ang mapili. Kailangan rito ang mungkahing biswal na representasyon ng maaaring hitsura ng bahagi ng bantayog.

■ Ito ay ibabahagi sa komunidad, kapwa personal at online, upang masigurado na ang mga apektadong pamilya, nakaligtas at iba pa sa komunidad ng Grenfell ay manatili sa puso ng proseso ng pag-alala. Ibibigay namin ang mga detalye ng mga panahon ng iba't ibang paraan ang komunidad ay maaaring maging kanilang at nasa sentro ng proseso.

■ Ang Komisyon ay magtatakda ng malinaw na pamantayan para itaya ang naka-shortlist na mga koponan sa kanilang mga panukala, kabilang ang istruktura ng koponan, representasyon ng disenyo, at lapit sa pakikipagtulungan sa komunidad. Ang mga koponan ay inaasahan na tumugon sa kinakailangan ng komunidad, at sa teknikal at dalubhasang payo.

■ Pagkatapos ay pipiliin at inaanunsiyo ang koponan sa komunidad ng Grenfell. Ang detalyadong disenyo ng bantayog ay bubuuin, at mahigpit na kabilang ang komunidad ng Grenfell.

**Katapusan ng 2025: pagbubuo ng disenyo ng bantayog**

■ Ang detalyadong disenyo ng bantayog ay bubuuin, at mahigpit na kabilang ang komunidad ng Grenfell.

■ Inaasahan namin na ipapasa ang aplikasyon sa pagpaplano para sa pinal na disenyo ng bantayog.

**Taglagas 2026**

■ Inaasahan namin na aprubado na ang permiso sa pagpaplano para sa bantayog.

**Katapusan ng 2026**

■ Ang pinakamaagang panahon na maaaring magsimula ang pagbubuo ng bantayog. Ito ay ayon sa pinakamaagang panahon na maaaring handa na ang Komisyon sa Pag-alala, na may pinakasunduang disenyo, na simulan ang paghahanda sa pagbuo.

**Paano makipag-ugnayan sa Komisyon sa Pag-alala sa Grenfell Tower**

■ Mag-email sa amin sa GTMCSecretariat@levellingup.gov.uk

■ Tawagan kami sa 0303 444 4831

■ Magpunta sa aming pahina ng pakikipag-ugnayan para padalahan kami ng iyong mga ideya, upang direktang makipag-ugnayan sa mga kinatawan o mag-sign up sa aming newsletter: www.grenfelltowermemorial.co.uk/contact

■ Sundan ang aming regular na update sa social media (@GrenfellTowerMC)